

Mga Katanungan?



Departamento ng mga Eleksyon
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102
Oras: Lunes – Biyernes
8 a.m. – 5 p.m.

Email: SFVote@sfgov.org
Telepono: (415) 554-4375
Fax: (415) 554-7344
TTY: (415) 554-4386

中文: (415) 554-4367
Español: (415) 554-4366
Filipino: (415) 554-4310

www.sfelections.org
f t v i /sfelections

Tandaan ang Petsa!
Nobyembre 3, 2020,
Pangkalahatang Eleksyon

 SAN FRANCISCO
ELECTIONS

Magparehistro o I-update ang Inyong Rehistrasyon



Pumunta sa registertovote.ca.gov o kompletuhin ang aplikasyon sa papel hanggang sa deadline ng rehistrasyon sa Pebrero 18. Matapos ang Pebrero 18, bumisita sa sentro ng botohan o lugar ng botohan para kundisyonal na magparehistro at bumoto ng probisyonal na balota. Bibilangin ang inyong probisyonal na balota pagkatapos maproseso ang inyong bagong rehistrasyon.

Pumili ng Inyong Opsiyon sa Pagboto



1. Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Humiling ng balota sa pamamagitan ng koreo anumang oras bago Pebrero 25.

Pumunta sa sfelections.org/vbm, tumawag sa (415) 554-4310, o bumisita sa tanggapan ng Departamento sa City Hall, Room 48.



2. Bumoto sa Isa sa mga Sentro ng Botohan sa SF

(para sa mga oras, bumisita sa sfelections.org/votingcenters)

City Hall

Bukas Pebrero 3 – Marso 3
(maliban sa Pebrero 17 holiday)

Maaaring bumoto ng weekend
Pebrero 22 – 23 at Pebrero 29 – Marso 1



San Francisco State University, 798 State Drive

Bukas Pebrero 29 – Marso 3



Joseph Lee Recreation Center, 1395 Mendell Street

Bukas Pebrero 29 – Marso 3



3. Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon, Martes, Marso 3

Ang oras ng botohan ay mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

I-check ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan sa sfelections.org/tools/pollsite, sa likod na pabalat ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, o tumawag sa (415) 554-4310.




Maging Impormado! Idagdag ang sfelection.org sa inyong Bookmarks!

Para sa impormasyon tungkol sa accessible na pagboto at mga serbisyo, bisitahin ang sfelections.org/accessibility

Para sa impormasyon ukol sa mga serbisyo sa wika at mga isinalin na materyales, bisitahin ang sfelections.org/language

Tandaan. Planuhin
ninyong **bumoto.**

Magparehistro o i-update
ang inyong rehistrasyon
hanggang Feb 18





Mga Madalas Itanong tungkol sa Pagboto sa Marso 3, 2020 Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo

1

Ano ang politikal na partido?

Ang mga politikal na partido ay samahan ng mga taong nagbabahagi ng kanilang mga ideya sa kung papaano dapat patakbuhan ang gobyerno. Sa pagpaparehistro para bumoto, maaaring pumili ang mga tao ng kanilang kinakatigang politikal na partido o na hindi kumatig sa partido.

Ang anim na mga kuwalipikadong politikal na partido sa California ay ang mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, Luntian, Libertaryan, Kapayapaan at Kalayaan, at Republikano.

2

Bakit mahalaga ang aking kinakatigang partido?

Ang bawat kuwalipikadong politikal na partido ay nagdaraos ng hiwalay na primarya para sa pagkapangulo. Ang kinakatigang partidong nasa inyong rekord ng rehistrasyon ang magtatakda kung aling labanan sa primarya para sa pagkapangulo ang makikita sa inyong balota.

I-check ang inyong kinakatigang partido sa [sfelections.org/VoterPortal](https://www.sfelections.org/VoterPortal) o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

3

Ano ang aking mga opsiyon kung wala akong kinakatigang partido?

Ang mga botanteng rehistrado na Walang Kinakatigang Partido ay maaaring humiling ng crossover na balota sa primaryang eleksyon para sa pagkapangulo ng mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, o Libertaryan. Ang mga botanteng hindi humiling ng balota ng isa sa mga partidong ito ay makatatanggap ng balota para sa primaryang eleksyon na hindi naglalaman ng sinumang kandidato para sa pagkapangulo.

Maaari ninyong isumite ang inyong kahilingan para sa isang makapartidong balota sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

- Tumawag sa (415) 554-4310
- Kumpletuhin ang aplikasyong nasa likod na pabalat ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante
- Pumunta sa [sfelections.org/VoterPortal](https://www.sfelections.org/VoterPortal)
- Mag-email sa SFVote@sfgov.org
- Magpadala ng kahilingan sa Departamento o mag-fax sa (415) 554-4372
- Humiling sa Sentro ng Botohan o lugar ng botohan

4

Paano ko mapapalitan ang aking kinakatigang partido para makakuha ng ibang balota?

Para palitan ang inyong kinakatigang partido, kailangan ninyo muling magparehistro para bumoto.

Bago ang deadline para sa rehistrasyon, Pebrero 18, magpunta sa [registertovote.ca.gov](https://www.registertovote.ca.gov) o kumpletuhin ang papel na form para sa pagpaparehistro. Pagkaraan ng Pebrero 18, bumisita sa sentro ng botohan o lugar ng botohan para sa kondisyonal na pagpaparehistro at pagboto gamit ang probisyonal na balota ng inyong bagong partido.

5

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa primaryang eleksyon sa pagkapangulo?

Bumisita sa [sfelections.org/2020primary](https://www.sfelections.org/2020primary) o tawagan ang Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco sa (415) 554-4310. Maaari ring puntahan ninyo ang [sos.ca.gov/elections](https://www.sos.ca.gov/elections) o tumawag sa Voter Hotline (800) 339-2957.

Anu-ano ang Aking Maaaring Pagbotohan sa Marso 3, 2020, Eleksyon?

Kung ako'y rehistradong...

... ang aking pagbobotohan ay:

Demokratiko	Mga kandidato sa Pagkapangulo, at mga miyembro ng Sentral na Komite ng County ng Partidong Demokratiko
Republikano	Mga kandidato sa Pagkapangulo, at mga miyembro ng Sentral na Komite ng County (Asembleya ng Distrito 17 lamang) ng Partidong Republikano
Amerikanong Independiyente, Luntian, Libertaryan, o Kapayapaan at Kalayaan	Ang mga kandidato sa Pagkapangulo ng partidong iyon
Walang Kinakatigang Partido*	<p>Maaaring hilingin*</p> <p>Mga kandidato sa Pagkapangulo ng Partidong Amerikanong Independiyente, Partidong Demokratiko, o ng Partidong Libertaryan.</p> <p>*makatatanggap kayo ng balotang hindi naglalaman ng labanan sa primarya para sa pagkapangulo kung hindi kayo humiling ng balota ng partido.</p>



Alamin ang mga hakbang na maaari ninyong gawin para makakuha ng balota na naglalaman ng ninanais ninyong kandidato sa pagkapangulo sa pamamagitan ng paggamit ng Tool para sa Balota ng Marso 2020 Primarya sa Pagkapangulo sa [sfelections.org/myballot](https://www.sfelections.org/myballot).

Lahat ay Boboto para sa:

- Kinatawan ng Estados Unidos para sa Kongreso
- Senador ng Estado
- Miyembro ng Asembleya ng Estado
- Mga Hukom ng Korte Superyor
- Proposisyon 13 ng California
- Proposisyon A–E ng San Francisco

Alamin ang Tungkol sa mga Kandidato at mga Panukala:

Naglalathala ang Departamento ng mga Eleksyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante o Voter Information Pamphlet (VIP). Napapaloob sa VIP ang halimbawang balota, karaniwang impormasyon ukol sa pagboto, at lokal na mga kandidato at mga panukala sa balota. Makatatanggap ng VIP sa koreo ang mga rehistradong botante sa unang bahagi ng Pebrero. Makukuha online ang VIP sa [voterguide.sfelections.org](https://www.voterguide.sfelections.org).

Nagbibigay naman ng Gabay na Impormasyon para sa Botante o Voter Information Guide (VIG) ang Kalihim ng Estado na naglalaman ng impormasyon ukol sa mga kandidato at panukalang pang-Estado. Makukuha online ang VIG sa [voterguide.sos.ca.gov](https://www.voterguide.sos.ca.gov).